

Ang Brampton Animal Services una sa Canada sa paghahandog ng serbisyon Home To Home™ para sa mga alagang hayop

BRAMPTON, ON (Enero 18, 2021) – Ang Brampton Animal Services ay ang una sa Canada para maghahandog ng Home To Home™, isang interactive na serbisyo para makatulong sa mga may-ari ng alagang hayop na hindi na makakapangalaga sa kanilang mga alagang hayop na makahanap ng bago, mapagmahal na mga tahanan nang hindi isuko ang mga ito sa shelter.

Sa pamamagitan ng Home To Home™, ang mga alagang hayop ay pupunta mula sa kanilang kasalukuyang tahanan papunta sa kanilang bagong tahanan. Ang mga kasalukuyang may-ari ng alagang hayop at ang mga bagong may-ari ng alagang hayop ay maaaring direktang mag-usap sa loob ng platform para matanggap ang direktang impormasyon tungkol sa mga hayop at isaayos ang paglilipat ng kanilang mga alagang hayop. Ang website sa pagbibigay ng bagong tahanan ay makakatulong sa mga may-ari ng alagang hayop sa Brampton na makahanap ng bagong tahanan para sa kanilang mga alagang hayop, kabilang ang mga aso, pusa at iba pang mga hayop. Ang kasalukuyang may-ari ng alagang hayop ay susulat lamang sa isang maikling online form at mag-a-upload ng litratong isusumite para sa pagbibigay ng bagong tahanan ng isang alagang hayop. Ang mga naghahangad na tatanggap ng alagang hayop sa kanilang pamilya ay maaaring maghanap ng mga available na alagang mga hayop sa Home To Home™. Walang babayaran sa pagbibigay ng bagong tahanan sa isang alagang hayop para sa alinmang partido.

Susubaybayan ng Brampton Animal Services ang Home To Home™ platform ng Lungsod kung kailangan, Makakapagbigay ng payo at mga tip ang Animal Services para makatulong sa proseso ng pagbibigay ng bagong tahanan. Hinihiling sa mga may-ari na abisuhan ang Brampton Animal Services kapag ang kanilang alagang hayop ay ligtas na sa bagong tahanan nito.

Habang ang pagbibigay ng bagong tahanan sa mga alagang hayop sa pamamagitan ng Home To Home™ ay nagtatanggal sa pangangailangan na ang ilang alagang hayop ay isuko sa shelter, maaaring hindi ito bagay para sa lahat ng mga pangangailangan sa pagbibigay ng bagong tahanan. Ang mga hayop ay maaari pa ring direktang isuko sa shelter batay sa bawat kaso. Pakikontak sa Brampton Animal Services para sa karagdagang impormasyon.

Para ma-access ang Home To Home™, mag-click [dito](#). Para matuto ng higit pa tungkol sa programang ito at mag-access sa Brampton Animal Services, bisitahin ang Brampton.ca/animalservices.

Ang Home To Home™ ay isang programang nilikha ng shelter para makatulong sa ibang mga shelter na magbigay ng positibong opsyon para sa mga taong hindi na makakapangalaga sa kanilang alagang hayop. Bisitahin ang Home To Home™ network online sa home-home.org.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki ng Brampton na maging unang lungsod sa Canada na maghahandog ng serbisyo ng pagbibigay ng bagong tahanan sa alagang hayop na Home To Home™. Ang libre, madaling gamiting platform ay nagbibigay kakayahan sa mga may-ari ng alagang hayop at sa mga naghahanap ng mga

alagang hayop na kumonekta at maghanap ng mapagmahal na mga tahanan para sa mga hayop sa ating komunidad.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Animal Services ay mag-aalok ngayon ng inobatibong solusyon sa pagbibigay ng bagong tahanan sa mga alagang hayop sa pamamagitan ng Home To Home™. Umaasa kaming makakita ng mas kaunting pagsuko sa ating shelter at mas maraming mga alagang hayop ang makakakita ng mga tahanan nang mabilis at maayos sa Brampton.”

– *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, ang Lungsod ng Brampton ay palaging naghahanap ng paraan para magiging mas mahusay at konektado sa ating mga residente – at sa kanilang mga alagang hayop. Ang alinmang hayop ay pwedeng bigyan ng bagong tahanan sa pamamagitan ng Home To Home™, mag-click lamang sa platform at tulungan ang mga alagang hayop sa Brampton na makahanap ng mga bagong tahanan.”

– *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Brampton Animal Services ay dedicated sa pagbibigay ng mga pagkakataon para makatulong sa mga alagang hayop na makahanap ng mga mapagmahal na tahanan sa Brampton. Bilang unang komunidad sa Canada na pinagsama ang serbisyo sa Home To Home™, nagagawa ng mga staff na makatulong sa mga may-ari ng alagang hayop sa pamamagitan ng proseso kung kailangan, habang nagbibigay kakayahan sa mga may-ari ng alagang hayop na direktang mag-usap sa isa’t isa.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca